# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG PEBRERO 08, 2021, LUNES, IKA-09:16 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Ramon D. Tan | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Efren L. Diaz | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECORDED 26 FEB 2021 Sta. Cruz, Laguna

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN RELEASED NAME DATE 2/26/21 TIME STA. CRUZ, LAGUNA

**KAPASIYAHAN BLG. 070-T2021**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 062-T2020/ ORDINANSA SA LAANG GUGULIN BLG. 014-T2020 NG SANGGUNIANG BARANGAY NA NAGKAKAHALAGA NG APATNAPU'T APAT NA LIBO SIYAMNAPU'T PITONG PISO AT WALUMPUNG SENTIMOS (P44,097.80) MULA SA ISANG BAHAGDAN (1%) PONDO PARA SA SENIOR CITIZENS AFFAIRS AT PERSONS WITH DISABILITY NG BARANGAY SAN JUAN.**

**SAPAGKAT**, may mga binalangkas na programa, proyekto at gawain ang Sangguniang Barangay ng San Juan para sa Senior Citizens Affairs at Persons with Disability sa taong 2021;

**SAPAGKAT**, ang mga nasabing programa, proyekto at gawain, ayon sa pagsusuri ay tumutugon sa pangangailangan ng mga Senior Citizens at Persons with Disability ng nabanggit na barangay.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kagalang-galang Louie C. De Leon (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan ng Kgg. Ambiel John C. Panganiban, Kgg. Patrocinia S. Kalaw, Kgg. Mark Athony P. Joven, Kgg. Regine S. Regalado at Kgg. Lucena R. Odejar at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 062-T2020/ Ordinansa sa Laang Gugulin Blg. 014-T2020 ng Sangguniang Barangay na nagkakahalaga ng P44,097.80 mula sa isang bahagdan (1%) pondo para sa Senior Citizens Affairs at Persons with Disability ng Barangay San Juan.

**INIUUTOS** : Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng San Juan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Pebrero 08, 2021**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan